

## Ang Bunga ng Espiritu Yugto 1

*“22 Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, 23 Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan.”*  
(Galacia 5:22-23 KJV)

Ang pagkatao, asal at pagkilos ay mahalaga sa ating buhay at paglakad kasama ng Dios, at sa ating ministerio sa kanya. Si Apostol Pablo ay nagsasalita sa mga taga Galacias na lumakad sa Espiritu at huwag gawin pagnanasa ng laman, *“16 Sinasabi ko nga, Magsilakad kayo ayon sa Espiritu, at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman.”* (Galacia 5:16 KJV) Ang layunin ni Pablo ay turuan ang mga taga Galacia, at turuan tayo ngayon, na huwag dapat tayong lumakad ayon sa laman at gawin ang makasalanang mga bagay na hindi dapat nating gawin, na labag sa Espiritu ng Dios. Sa paggawa ng makasalanang mga bagay ng laman ay nagdadala sa atin ng kaparusahan ng kautusan ng Dios; sapagkat ang mga taong lumalabag sa Kanyang Salita at gumagawa ng makasalanang mga bagay na ipinagbabawal sa atin ng Dios. Ang laman na dala sa natin sa ating katawan ay patuloy na nakikipaglaban sa Espiritu ng Dios na tinanggap natin matapos nating tanggapin si Cristo, *“17 Sapagka't ang laman ay nagnanasa ng laban sa Espiritu, at ang Espiritu ay laban sa laman; sapagka't ang mga ito ay nagkakalaban; upang huwag ninyong gawin ang bagay na inyong ibigin. 18 Datapuwa't kung kayo'y pinapatnubayan ng Espiritu, ay wala kayo sa ilalim ng kautusan.”* (Galacia 5:17-18 KJV) Pagkatapos nating tanggapin si Cristo sa ating buhay, tayo ay tinatakan ng Espiritu ng Dios gaya ng ating babasahin dito, *“13 Na sa kaniya'y kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan, na sa kaniya rin naman, mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo, na ipinangako,”* (Epeso 1:13 KJV) *“21 Ngayon, siya na ang nagpapatibay sa amin na kasama ninyo kay Cristo, at nagpahid sa atin, ay ang Dios, 22 Na siyang nagtatak naman sa atin, at nagbigay ng patotoo ng Espiritu sa ating mga puso.”* (2 Corinto 1:21-22 KJV) Ang Espiritu ng Dios ay kumikilos sa atin upang pangunahan tayo na huwag gawin ang gawa ng laman na idinedikta ng makasalanang likas sa atin at kung saan gaya ng sumusunod: *“19 At hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan, 20 Pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya, 21 Mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito; tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala sa inyo, tulad sa aking pagpapaalaala nang una sa inyo, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios.”* (Galacia 5:19-21 KJV) Ngunit ang Espiritu ng Dios ay kumikilos sa atin upang magparami ng bunga ng Espiritu sa sumusunod na paraan:

Habang tayo'y naniniwala kay Cristo at natatakan ng Banal na Espiritu, kikilos iyon sa ating buhay bilang tayo'y nakikipagtulungan at isuko ang ating buhay sa Kanya; sa gayon babaguhin ng Banal na Espiritu ang ating mga katangian at pag uugali sa pagyabong sa atin ng bunga ng Banal na Espiritu na nagbibigay sa atin ng parehong katangian at personalidad ni Jesus.

Ang bunga ng Banal na Espiritu na nakikita sa ating buhay ay ang mga sumusunod: *“22 Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, 23 Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay wala ng kautusan.”* (Galaci 5:22-23 KJV) **Ang mga bungang ito at magsisimulang baguhin ang ating buhay at gawin kang ibang tao at ipapakita ang gayong bunga at mga katangian sa iyong pagkatao.**

Ang Salita ng Dios ay nagbibigay sa atin ng walang hanggang buhay sa mga tumanggap at sinimulang maniwala kay Jesus. Kaya bilang tinanggap mo ang Salita ng Dios at sinimulang manampalataya at sumunod kay Jesus sa gayon ikaw ay ligtas at mayroong walang hanggang buhay at ang Salita ng Dios ay sisimulang palaguin ang iyong puso at ang Kanyang presensya ay makikita sa iyong buhay. Ang pagpapakitang ito ay maaring maging balangkas sa dalawang ulit:

**A. Ang Pagsibol** ng bagong direksyon, bagong pagasa, hangarin at karanasan sa buhay na kailanman mo kailanman naranasan dati at sa kung saan magkakaroon ka ng bagong plano ng Dios na mayroon siya para sa iyo na kailangan mong pagdaanan.

**B. Ang pagbabago o pagpapanibago** ng iyong mga negatibong saloobin at mga katangian na magdadala sa iyo sa espirituwal na paglago na natutukoy sa pamamagitan ng pagpapakita ng bunga ng Banal na Espiritu. **Ang espirituwal na paglago at hindi nasusukat sa kung ilang taon na mayroon ka ni Jesus sa iyon buhay, o sa panahong ikaw ay ipinanganak na muli, kundi gaanong karaming bunga ng Banal na Espiritu ang nakikita sa iyong buhay; sa dami nito at ang iba't ibang sindi ng bawat isa sa mga prutas na ito.** Pagdaanan natin ngayon ang iba't ibang bungang ito at talakayin ang mga ito.

**1. Pagibig:** Ang bungang ito ng Banal na Espiritu ay nakatutulong sa iyo upang simulang magmahal: Sisimulan mong ibigin ang mga taong nakapalibot sa iyo, ang mga taong kasama mo sa iyong pamilya, ang iyong kapitbahay, ang iyong mga katrabaho at kasamahan. **Magbibigay ka ng higit na pagibig sa kanila at magkakaroon ka ng paghahangad at pasanin na ibahagi sa kanila ang bagong magandang buhay na mayroon ka kay Jesus. Mauudyukan ka ng pagibig na ibahagi sa kanila ang Salita ng Dios upang dalhin ang kaligtasan ng Dios sa kanila.** Ang pagibig ang magtutuwid sa iyo sa Dios at magtutuwid sa iyong kapitbahay at sa sarili gaya ng ating napagpasyahan ng sinabi ni Jesus dito: **“37 At sinabi sa kaniya, *libigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.* 38 Ito ang dakila at pangunang utos. 39 At ang pangalawang katulad ay ito, *libigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.*” (Mateo 22:37-39 KJV)** Dito iniutos ni Jesus na kailangang ibigin ng sinumang tao ang Dios, na ibigin ang kanyang kapwa at ibigin ang kanyang sarili. **Ang pagibig sa Dios ay mangangailangan mula sa iyo na maging masunurin sa Salita ng Dios, sa Kanyang mga utos, na gawin ang Kanyang kalooban at tapusin ang Kanyang gawain.** Ang pagibig bilang isa sa mga bunga ng Banal na Espiritu ay kikilos sa iyo upang ang iyong pagkamasarili ay unti unting mapalitam ng pagibig sa iyong kapwa tulad sa iyong sarili. **Ang pagibig sa iyong kapwa at matutupad kapag ginawa mo ang ipinag uutos ng Salita ng Dios sa iyo na gawin para sa kanya at iwasan ang anumang makasalanang gawain laban sa iyong kapwa gaya ng mababasa natin: “8 Huwag kayong magkautang ng ano pa man sa kanino man, maliban na sa mangagibigan kayo: sapagka't ang umiibig sa kaniyang kapuwa'y nakaganap na ng kautusan. 9 Sapagka't ito, Huwag kang mangangalunya, Huwag kang papatay, Huwag kang magnanakaw, Huwag kang mananakim, at kung mayroon pang ibang utos, ay nauuwi sa salitang ito, sa makatuwid baga'y Ibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng sa iyong sarili. 10 Ang pagibig ay hindi gumagawa ng masama sa kaniyang kapuwa: ang pagibig nga ay siyang katuparan ng kautusan.” (Roma 13:8-10 KJV)**

Nang sinabi ng Jesus, **“Ang pagibig ay hindi gumagawa ng masama sa kaniyang kapuwa:”, na nangangahulugang din an kailangan mong ibigin ang iyong sarili sa pag aalaga sa iyong katawan na ibinigay ng Dios sa iyo upang paglingkuran Siya; na kailangan mong kumain at uminom at kunin ang sustansiya na kinkailangan ng iyong katawan upang gumana nang mabuti, at magkaroon ng sapat na pahinga at tulog upang magawa mong gawin ang kinakailangang gawain na nais ng Dios na gawin mo.**

Ang bunga ng pagibig na ang na sismulang paramihin ng Banal na Espiritu sa ating buhay at pagkatao ay magpapabago sa atin sa isang paraan na magsasakdal sa atin at magagawa natin at sa komportableng paraan upang sumabay sa Salita ng Dios at aral ni Jesus na iuutos sa atin ng sumusunod: **“43 Narinig ninyong sinabi, *libigin mo ang iyong kapuwa, at kapopootan mo ang iyong kaaway:* 44 *Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig;* 45 *Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap.* 46 *Sapagka't kung kayo'y iibig sa nangagsisiibig lamang sa inyo, ano ang ganti na inyong kakamtin? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis?* 47 *At kung ang mga kapatid lamang ninyo ang inyong babatiin, ano ang kalabisan ng inyong ginagawa? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga Gentil?* 48 *Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal.*” (Mateo 5:43-48 KJV)**

Kapag ikaw ay nagpaubaya sa ganoong paraan sa gawain ng Banal na Espiritu at simulang paramihin ang bunga ng Banal na Espiritu sa gayon ang higit ng gawa ng laman ay mawawala sa iyong buhay tulad ng pagsamba sa dios-diosan dahil nagsisimula kang ibigin ang Dios, at kaya itatapon mo at lalayo ka sa iyong mga dios-diosan. Ikaw ay hihinto sa pangangalunya, pakikiapid, karumihan, kahalayan, pagpatay at pangkukulam dahil ayaw mong makapinsala sa iyong kapwa. Dahil ang pagibig sa Dios na nasa loob niya, sa gayon magagawang mong malampasan ang poot, pagkakaiba-iba, mga tularan, poot, pagtatalo, panunulol, maling pananampalataya, galit, pakikipaglaban, pang iimbot, at pagpapahayag dahil ikaw ay tinawag upang ibigin ang iyong kapwa at huwag labanan siya; kundi sa halip patawarin siya. Dahil sa pagibig sa Dios, hihinto ka sa pag-iinom, at pagkain nang labis dahil ikaw ay tinawag upang ibigin ang iyong sarili sa pag-aalaga sa iyong katawan. Kaya ang pag ibig sa Diyos na nasa loob mo ay lalago sa huli ay lalago sa ganoong paraan na sa wakas ay magbibigay daan sa iyo upang mapagtagumpayan ang lahat ng mga gawain ng laman na itinakda ng Diyos sa iyo upang lubos na maiwasan.

**2. Kagalakan:** \* Ang kagalakan na mayroon ka mula sa Banal na Espiritu ay magbibigay sa iyo ng tunay na kasiyahan para sa bagong walang hanggang buhay na mayroon ka kay Jesu Cristo. Kailanman ay hindi ka magkakaroon ng takot sa kamatayan at ito ang unang dahin ng iyong tunay na kagalakan. \* Ang araw pagkatapos ng isang araw at makikita mo ang buhay na kakaiba. Dati hindi mo nararamdaman ang totoong presensya ng Dios ngunit ngayon tiyak na ang Dios ay pinapanood ka. Ang iyong takot ay mawawala, at at hindi mo bibigyang pansin ang maliliit na nakakainis na bagay kumpara sa tunay na di nasisirang kayamanan na mayroon ka kay Jesus. **“2 (At ang buhay ay nahayag, at aming nakita, at pinatotohanan, at sa inyo'y aming ibinabalita ang buhay, ang buhay na walang hanggan, na kasama ng Ama at sa atin ay nahayag); 3 Yaong aming nakita at narinig ay siya rin naming ibinabalita sa inyo, upang kayo naman ay magkaroon ng**

*pakikisama sa amin: oo, at tayo ay may pakikisama sa Ama, at sa kaniyang Anak na si Jesucristo: 4 At ang mga bagay na ito ay aming isinusulat, upang ang ating kagalakan ay malubos.” (1 Juan 1:2-4 KJV)* Ang kagalakan ng pagkakaroon ng walang hanggang buhay at ang dako sa Langit ay ang magtataguyod sa atin na sumulong at pagtapak sa buong mga pagsubok at kahirapan ng buhay at pagdadala ng pag uusig at ang sakit at ang pinsala ng kaaway. Ang Banal na Espiritu ang makakatulong sa iyo upang isaalang-alang na ang mga pagsubok at ang mga kahirapan na dinadaan mo kay Cristo Jesus ay bilang kagalakan, *“2 Mga kapatid ko, ariin ninyong buong kagalakan, kung kayo'y mangahulog sa sarisaring tukso; 3 Yamang nalalaman na ang pagsubok sa inyong pananampalataya ay gumagawa ng pagtitiis. 4 At inyong pabayaan na ang pagtitiis ay magkaroon ng sakdal na gawa, upang kayo'y maging sakdal at ganap, na walang anoman kakulangan.” (Santiago 1:2-4 KJV)* Ang kagalakan na mayroon ka bilang bunga ng Espiritu sa kapaliwanagan ng Banal na Espiritu at ipapakita ng Banal na Espiritu ang kahalagahan ng iba't ibang mga kaguluhan na pinagdadaanan mo at ang mga pagpapala at ang mga pagpapala na idadagdag sa iyo mula sa gayon, at iyon ang maguudyok sa iyo ng kagalakan upang magpatuloy sa paglilingkod sa Dios sa kabila ng lahat ng mga kaguluhan na iyong nakakatagpo sa daan, lalo na batid natin na ang ating pangalan ay nakasulat sa Langit gaya ng sinabi ni Jesus sa atin, *“20 Gayon ma'y huwag ninyong ikagalak ito, na ang mga espiritu ay nagsisisuko sa inyo; kundi inyong ikagalak na nangasusulat ang inyong mga pangalan sa langit.” (Lucas 10:20 KJV)* Sa lahat ng mga naturang pangako sa gayon ikaw nasasabik at nahihikayat na patuloy na maglingkod sa Dios, at handang patuloy na tiisin, at patawarin at nagagalak na iwasan ang paghihiganti o pagkikipag away sa mga nanggugulo sa iyo nalalaman na ang iyong pangalan ay nakasulat sa Langit.

**3. Kapayapaan:** Ang Banal na Espiritu ay bibigayan ka ng bunga ng kapayapaan, at mararanasan ang isang mapayapang damdamin Hindi na kana mapipigilan ng takot at pagkabalisa habang nalalaman mo na ang inyong pangalan ay nakasulat sa aklat ng buhay at ikaw ay may lugar sa Langit. Hindi na kana mag aalala kung ano ang gagawin, sapagkat alam mo na ang Diyos ay kasama mo at siya ay isang panalangin lamang sa malayo. Tinuruan ni Pablo ang mga taga-Filipos ng mga sumusunod: *“4 Mangagalak kayong lagi sa Panginoon: muli kong sasabihin, Mangagalak kayo. 5 Makilala nawa ang inyong kahinhinan ng lahat ng mga tao. Ang Panginoon ay malapit na. 6 Huwag kayong mangabalisa sa anomang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios. 7 At ang kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagüsip, ay magiingat ng inyong mga puso at ng inyong mga pagisip kay Cristo Jesus.” (Filipos 4:4-7 KJV)* Ang iyong panalangin sa Dios habang inilalahad mo ang iyong kahilingan at pagsusumamo sa Kanya, ay sa huli'y magdadala ng kapayapaan ng Dios na magbabantay sa iyong puso at isipan, at tutulong sa iyo at manatilihing nakatuon sa kabila ng lahat ng mga kaguluhan na iyong pinagdadaanan na susubukang makagambala sa iyo at lituhin ka.

\* Kapag ikaw ay may kapayapaan ng Dios, ang iyong pagtakbo patungo sa maraming direksyon ay mababawasan at sa huli'y matatapos at papalitan ng iyong paglapit patungo sa Dios. \* Ang apoy at ang galit sa iyong puso ay mamatay, at ang pakikibaka ng masamang kaisipan ng poot, galit at paghihiganti ay mawawala at mapapalitan ng kabutihang kapatiran, at ang kapayaan ay dadaloy mula sa iyon puso sa mga taong nakapaligid sa iyo. \* Marami sa iyong pakikipag away at pakikipagtalos ay mahihinto. Sisimulan mong makipagkasundo sa maraming tao na mayroon kang sirang ugnayan. Iwasan mong makipag away at ang iyong pagibig ay lalawak maging sa iyong kaaway. Titiisin mo na makipagpayapaan sa lahat. *“18 Sa katapustapusan, mga kapatid, paalam na. Mangagpakasakdal kayo; mangaalih kayo; mangagkaisa kayo ng pagüsip; mangabuhay kayo sa kapayapaan: at ang Dios ng pagibig at ng kapayapaan ay sasa inyo.” (2 Corinto 13:11 KJV)*

**4. mahabang pagdurusa:** Ang bungang ito ng Banal an Espiritu ay magagawa mong handang magdusa sa Dios, at maging mahinahun, naghihintay sa Dios hanggang Siya ay dumating at paginhawain ka at makaalis ka mula sa iyong mga kaguluhan at dalhin ka sa isang mas maayos na kalagayan sa buhay. Sa iyong naunang buhay ikaw ang tanging nagpapalano na gawin ang lahat ng mga gawain, at ikaw ang tanging pumili para sa iyong sarili kung anong gusto mo. Ngunit sa iyong bagong buhay kay Jesus, ang Dios ang tanging magpapalano para sa iyo at itutuwid ka Niya kung anong gagawin. \* Ang iyong bagong paraan ay unang itatanong sa Dios para sa anumang pasya na gagawin at hihintayin ang Kanyang sagot. \* Sa iyong naunang buhay ginagamit mo kung anong nais mo, ngunit ngayon sa bagong buhay kay Cristo, ikaw ay walang pagpipilian kundi sumunod kay Cristo at pagdaanan ang makipot na pintuan na itinalaga ni Dios sa iyo na pagdaanan mo gaya ng Kanyang iniutos, *“13 Kayo'y magsipasok sa makipot na pintuan: sapagka't maluwan ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok. 14 Sapagka't makipot ang pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nangakakasumpong noon.” (Mateo 7:13-14 KJV)* Mayroon para sa bawat isa sa atin na sumunod kay Cristo isang plano at pangyayari na kailangang pagdaanan at hindi natin mababago ito, sa gayon kailangan nating gamitin ang bunga ng mahabang pagdurusa upang kamitin iyon. Sinabi ni Jesus kay Pedro ang paraan na siya ay mamatay para kay Cristo, *“18 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Nang ikaw ay bata pa, ikaw ay nagbibihis, at ikaw ay lumalakad kung saan mo ibig; nguni't pagtanda mo'y iuunat mo ang iyong mga kamay, at bibigkisan ka ng iba, at dadalhin ka kung saan hindi mo ibig. 19 Ito nga'y sinalita niya, na ipinaalam kung sa anong kamatayan ang iluluwalhati niya sa Dios. At pagkasalita niya nito, ay sinabi niya sa kaniya, Sumunod ka sa akin.” (Juan 21:18-19 KJV)*

Sinabi Niya sa kanya nang siya ay bata pa pumupunta siya saanman niya naisin, ngunit ngayon nang siya ay matanda na, kailangan niyang pumunta sa lugar na hindi niya gustong puntahan, ngunit wala siyang pagpipilian dahil kailangan niyang sumunod sa Dios, gaya ng sinabi ni Jesus sa kanya, **“Sumunod ka sa akin.”** Ang bunga ng mahabang pagdurusa ay magbibigay daan sa atin na sumunod kay Cristo at tiisin ang mga kaguluhan na ipapahintulot niyang pagdaanan natin, nalalaman na yaon ang plano ng Dios para sa atin at ang makipot na pintuan na itinalaga niya para pagdaanan natin. Si Pablo sa pamamagitan ng bunga ng mahabang pagdurusa ay nagawang tiisin ang sumusunod bilang patotoo Niya, **“24 Sa mga Judio ay makalimang tumanggap ako ng tigaapat na pung palo, kulang ng isa. 25 Makaitlong ako'y hinampas ng mga panghampas, minsan ako'y binato, makaitlong ako'y nabagbag, isang araw at isang gabi na ako'y nasa kalaliman ng dagat; 26 Sa mga paglalakbay ay madalas, sa mga kapanganiban sa mga ilog, sa mga kapanganiban sa mga tulisan, sa mga kapanganiban sa aking mga kababayan, sa mga kapanganiban sa mga Gentil, sa mga kapanganiban sa bayan, sa mga kapanganiban sa mga ilang, sa mga kapanganiban sa dagat, sa mga kapanganiban sa gitna ng mga bulaang kapatid; 27 Sa pagpapagal at sa pagdaramdam, sa mga pagpupuyat ay madalas, sa gutom at uhaw, mga pagaayuno ay madalas, sa ginaw at kahubaran. 28 Bukod sa mga bagay na yaon, ay may umiinis sa akin sa araw-araw, ang kabalisahan dahil sa lahat ng mga iglesia. 29 Sino ang nanghina, at ako'y hindi nanghina? Sino ang napapatisod, at ako'y di nagdaramdam?”** (2 Corinto 11:24-29 KJV) \* Sa parehong paraan ang bungang ito ng Banal na Espiritu, ang mahabang pagdurusa, ay makakagawa nating pagdaanan ang mga pagsubok na naghahatid sa buhay para kay Cristo at sa ministerio na ipinagkatiwala Niya na gawin natin. \* Sa pamamagitan ng bunga ng mahabang pagdurusa mahihintay mo ang Dios at babatahin hanggang Siya ay dumating at paginhawain ka at alisin ka mula sa paghihirap na iyong pinagdadaanan. Kaya samantala habang ikaw ay dumadaan sa mahihirap at kaguluhan ang iyong panalangin at ang iyong pagtangis sa Dios at magiging malaking tulong at pag aliw sa iyo gaya ng patotoo ni David kung gaano ibinalik siya ng Dios at nakinig sa kanyang daing at dumating upang tulungan diyan habang siya ay naghintay sa Dios, **“1 Aking hinintay na may pagtitiis ang Panginoon; at siya'y kumiling sa akin, at dininig ang aking daing. 2 Isinampa naman niya ako mula sa isang kakilakilabot na balon, mula sa balahong malagkit; at itinuntong niya ang aking mga paa sa isang malaking bato, at itinatag ang aking mga paglakad.”** (Awit 40:1-2 KJV)

**Sa aking mahal at minamahal:** Lumapit ngayon sa Panginoon at suriin ang iyong sarili at hayaan ang Banal na Espiritu na siyasatin ka at tingnan kung gaano karami ang gawain ng laman ay kumakalat sa iyong buhay na kailangan mong pagsisihan, at kung gaano karami ang Banal na Espiritu na iyong binubuo para labanan ang gawa ng laman.

Kumuha ng isang piraso ng papel at isulat ang lahat ng gawain ng laman na kailangan mo upang mawala sa iyong buhay. Isulat din ang kulang sa iyo ng bunga ng Espiritu na kinakailangang makita sa iyong buhay upang labanana ng gawaing iyon laman at ipakita ang katangian at ang pagkatao ni Jesus sa iyong buhay.

Pagnilayan ang Salita ng Dios at makita kung paano mo maisagawa ang natutunan mo sa mensaheng ito upang labanan ang iyong mga kasalanan, ang mga pagsubok na iyong pagdadaanan at ang iyong mga kaaway na lumalaban sa iyo.

Tayo ay manalangin...

**Ang aking Panalangin:** Amang Dios sa Langit, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa walang hanggang buhay at hindi lumilipas na mga kayamanan na mayroon ako sa Langit. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinadala mo sa akin upang ipaalala sa akin ang iyong kalooban sa aking buhay at sa iyong malasakit tungkol sa akin upang lumago, upang maging ganap, at magkaroon ng katangian at ang asal ni Jesus sa aking buhay.

*Ipagtapat ang talikdan ang iyong mga kasalanan ngayon sa Dios, Ipagtapat ang kasalanan ng pangangalunya, pakikiapid, pagsamba sa dios-diosan, pangungulam, poot, galit, pakikipag away, pagkakabahagi, pang iimbot, pagseselos, pag iinom, Ipagtapat ang iyon kakulangan ng pagibig, pagkamakasari, hindi handang magsakripisyo at maglingkod sa Dios, Ipagtapat ang iyong kasakiman at pag iimbot. Ipagtapat ang iyong kawalan ng pagpapatawad patungo sa mga nanakit sa iyo. Talikdan ang iyong walang kahandaan na magdusa para kay Cristo at ang iyong walang kahandaan na maging mahinahon at tiisin sa mga pagsubok at kaguluhan. Ipagtapat ang iyong kakulangan ng panalangin at hindi pagbabasa ng Salita ng Dios. Panginoon patawarin mo ako, ipinahayag at tinalikdan ko ang sumusunod na mga kasalanan \_\_\_\_\_.*

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili sa iyong Salita at sa mga tagubilin na Aking tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na mawala ang sumusunod na mga gawa ng laman sa aking buhay \_\_\_\_\_.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na makipagtulungan sa iyo at hayaan ang Banal na Espiritu na magbunga ng pagibig, kagalakan, kapayapaan, mahabang pagdurusa, kaamuhan, kabutihan, pananampalataya, kababaang loob, at kahinahunan, na makita ng mga tao ang katangian at ang asal ni Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon hinihiling ko ang iyong tulong sa akin at tulongan ako na alisin ako mula sa sumusunod na pagsubok at kahirapan sa aking buhay \_\_\_\_\_.*

*Panginoon hinihiling ko ang iyong tulong na harapin ayon sa iyong mga daan kasama ng sumusunod na mga kaaway \_\_\_\_\_.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na ipinangako ang kanilang buhay sa iyo. Panginoon pagpalain sila at palaguin pa sila, at makita pa ang bunga ng Espiritu sa kanilang buhay. Panginoon protektaah sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan, ay gamitin sila na magpatuloy at paglingkuran ka at gawin ang iyong gawain. Panginoon puspusin silang muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang epspirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay na yumaon at paglingkuran ka.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at, tulongan kaming ipatupad ang aral na tinanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu, at bigyang daan kaming pumaroon at mag evangelio, abutin ang bagong mga tao, gumawa ng bagong mga alagad, magsanay pa ng mga manggagawa, at magtanim ng bagong pag aaral ng Biblia at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Bunga Ng Espiritu Yugto 1. Galacia 5:16-23. Efeso 1:13. 2 Corinto 1:21-22. Mateo 22:37-39. Roma 13:8-10. Mateo 5:43-48. 1 Juan 1:2-4. Santiago 1:2-4. Lucas 10:20. Filipos 4:4-7. Roma 12:18. 2 Corinto 13:11. Mateo 7:13-14. Juan 21:18-19. 2 Corinto 11:24-29. Mga Awit 40:1-2.

Dr.Ramiz Khalaf  
Ang Tagapamahala ng Simbahan  
Simbahan ng Diyos  
United Arab Emirates  
Email: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)  
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: [www.churchofgoduae.com](http://www.churchofgoduae.com)

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com).

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:  
First Abu Dhabi Bank (FAB)  
ACCOUNT NAME:  
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF  
ACCOUNT NO:  
1576003753162014  
IBAN:  
AE3803151576003753162014  
SWIFT CODE:  
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)